Pag-release ng Balita

IMPORMASYONG SENSITIBO SA MERKADO
Naka-embargo hanggang 0730 ICT (0030 UTC) 1 Pebrero 2023

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

Nagkaroon ng growth sa buong ASEAN manufacturing sector dahil sa pagdami ng mga bagong order

Mga pangunahing nalaman:

Bumilis ang paglaki ng output

Dumami ang mga bagong order kasunod ng dalawang buwan ng contraction

Nanatiling mataas ang inflationary pressures

Kinolekta ang data noong 12-25 Enero

Nag-ulat ang mga ASEAN manufacturing firm ng pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo noong simula ng 2023. Ang pag-unlad ng buong sektor ay sinuportahan ng kaunting pagtaas ng production levels at muling pagdami ng mga factory order. Gayundin, dinamihan ng mga kumpanya ang pagbili nila ng mga input para matugunan ang lumalaking demand, nang pinakamabilis sa loob ng tatlong buwan.

Naging sobrang bagal ng pag-unlad sa buong ASEAN manufacturing sector noong katapusan ng nakaraang taon, pero bumilis ang pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Enero. Ang headline PMI ay tumaas mula 50.3 noong Disyembre at umabot sa tatlong buwang high na 51.0. Gayunpaman, nanatiling mabagal ang expansion kumpara sa average ng nakaraang taon.

Apat sa pitong bansa sa ASEAN na sinusubaybayan ng survey ay nag-ulat ng paglago ng kanilang manufactuing sector noong Enero, mas mataas kumpara sa tatlo noong Disyembre. Nalampasan ng mga Thai manufacturer ang Pilipinas, na nag-ulat ng pinakamabilis na pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Enero, at naging pinakamataas sila sa rankings sa unang pagkakataon sa loob ng 17 buwan. Gayundin, ang bilis ng growth (54.5) ay naging pangalawang pinakamabilis mula noong simula ng survey noong Disyembre 2015 (kasunod ng Setyembre 2022).

Napunta sa second place sa rankings ang growth sa Filipino manufacturing sector noong Enero. Gayunpaman, ang headline index ay umabot sa pitong buwang high na 53.5, hudyat ng kapansin-pansing pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa pangkalahatan.

Kasunod ng unang pagpangit sa mga kundisyon ng manufacturing nito sa loob ng 16 na buwan noong Disyembre, tumaas ulit ang headline PMI para sa Singapore noong Enero. Gayunpaman, mababa lang ang rate of improvement (51.9), at mas mababa ito kumpara sa naitala sa panahong ito noong nakaraang taon.

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI
sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Gumanda rin nang kaunti ang mga kundisyon ng manufacturing sa Indonesia noong Enero. Gayundin, naging pinakamabilis ang expansion noong buwang iyon simula noong Oktubre (51.3).

Sa mga bansang nagtala ng PMI reading na mas mababa sa 50.0, naitala ang pinakamabagal na paghina ng manufacturing sector ng Myanmar noong Enero. Gayundin, ang index reading na 49.6 ay naghudyat ng pinakamabagal na contraction mula noong nagsimula ang kasalukuyang siyam na buwang sequence noong Mayo 2022.

Nag-ulat din ang mga manufacturer sa Vietnam ng mas mabagal na paghina ng mga kundisyon noong Enero kumpara sa Disyembre. Gayunpaman, nanatiling kapansin-pansin ang rate ng panghihina sa pangkalahatan (index na 47.4), at napalawig nito ang kasalukuyang run ng reduction nang tatlong sunod-sunod na buwan.

Ang Malaysia lang ang tanging bansa kung saan mas mabilis na lumala ang mga kundisyon ng manufacturing noong Enero. Gayundin, bumilis ang contraction nang apat na buwang sunod-sunod, at ang pinakahuling PMI reading na 46.5 ay ang pinakamababang naitala sa loob ng 17 buwan.

Sa pangkalahatan, gumanda ang mga kundisyon ng manufacturing sa rehiyon ng ASEAN nang animnapung buwang sunod-sunod noong Enero, at naging pinakamabilis ito sa loob ng tatlong buwan. Ang PMI ay naiangat ng mas mataas na produksyon at pagkakaroon ng mga bagong order kasunod ng dalawnag buwan ng contraction.

PMI™ by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

Pag-release ng Balita

Para matugunan ang mga dumaraming pangangailangan sa negosyo, sumigla rin ang aktibidad sa pagbili at naging pinakamabilis ito simula noong Oktubre. Bilang karagdagan, naging stable ang antas ng employment noong Enero. Isa itong kapansin-pansing improvement kumpara sa mga bahagyang contraction na naitala sa nakaraang dalawang yugto ng survey.

Pagdating sa mga presyo, tumaas ang inflation ng input cost noong Enero kumpara sa dalawang taong low noong Disyembre. Gayunpaman, nanatiling mabagal ang inflation kumpara sa post-pandemic average. Kasabay nito, bumagal ang inflation ng output charge nang tatlong buwang sunod-sunod, hudyat ng pinakamabagal na pagtaas ng mga selling price sa loob ng isang taon.

Bagama't nanatili ang mga hamon sa supply side, naging pinakamabagal ang paghaba ng average lead times simula noong kasalukuyang sequence ng deterioration na nagsimula noong Pebrero 2020, na nagsasaad na gumagaan ang supply chain pressures.

Ang pagganda ng kalagayan ng ASEAN manufacturing sector ay nakatulong sa pag-angat ng business confidence hinggil sa 12 buwang outlook para sa output sa simula ng taon. Gayunpaman, ang kabuuang antas ng optimism ay nanatiling mas mababa kumpara sa historical average nang tatlong buwang sunod-sunod.

Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Economist sa S&P Global Market Intelligence, na:

“Ang pinakabagong PMI data ay nagpakita ng karagdagang pagganda ng mga kundisyon sa ASEAN manufacturing sector noong Enero. Mabilis na lumaki ang output, at dumami ulit ang mga bagong order kasunod ng dalawang buwan ng contraction. Gayunpaman, mas mabagal ang expansion sa buong manufacturing sector kumpara sa average ng nakaraang taon, dahil na rin sa pagbaba ng demand.

“Gayunpaman, kasabay ng paggaan ng supply-side pressures, at inflation rates na mas mababa sa post-pandemic averages ng mga ito, maaari nitong masuportahan ang dagdag pang pagganda ng kundisyon ng pagnenegosyo sa mga darating na buwan. Gayunpaman, nananatiling mataas ang inflation sa pangkalahatan, at maaasahang magkakaroon pa ng mga rate hike sa rehiyon. Mahalagang makabangon ang demand at masuportahan nito ang momentum ng pag-unlad para sa natitirang bahagi ng 2023.”

-Tapos na-

PMI™

by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

Pag-release ng Balita

Makipag-ugnayan

S&P Global Market Intelligence
Maryam Baluch
Economist
Telepono +44-12-4432-7213
Email: maryam.baluch@spglobal.com

S&P Global Market Intelligence
SungHa Park
Corporate Communications
Telepono +82 2 6001 3128
Email sungha.park@spglobal.com

Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2023 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinauukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.

PMI™

by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global